

myMedi-Cal

Paano Makuha ang Pag-aalaga sa
Kalusugang Kailangan Mo





Talahanayan ng Mga Nilalaman

3 Pagsakop sa Kalusugan sa California

Medi-Cal at Covered California
Mga Inaatas ng Medi-Cal
Paghahambing sa Programa ng Medi-Cal

7 Paano Ako Mag-a-Apply?

Mga Paraan sa Pag-apply
Oras sa Pagpoproseso ng Aplikasyon

8 Paano Ko Gagamitin ang aking Mga Benepisyo sa Medi-Cal?

Pagpapatingin sa Doktor
Bayad-sa-Serbisyo (Fee-for-Service) na Medi-Cal
Bahagi ng Gastos (Share of Cost-SOC) na Medi-Cal
Medi-Cal Managed Care
Kung Mayroon Akong Ibang Pangkalusugang Insurance
Tulong sa Pag-access sa Pag-aalaga sa Kalusugan
Paggamit sa Medicare & Medi-Cal nang Magkakasama

14 Medi-Cal na Nasasakupang Benepisyo

Mga Pangkalahatang Serbisyong Medikal
Programa para sa Kapansanan sa Paggamit ng Sangkap (Substance Use Disorder Program)

Mga Dental na Serbisyo

Maaga at Pana-panahong Pagsasala, Diyagnostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment-EPSTD)
Mga Serbisyong Transportasyon
Mga Dalubhasang Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip

18 Mga Ibang Pangkalusugang Programa at Serbisyo

May Bisa sa Nakaraang Medi-Cal (Retroactive Medi-Cal)

23 Pag-update at Pag-renew ng Aking Medi-Cal

Pag-ulat sa Mga Pagbabago sa Sambahayan
Pag-alis sa County o Estado
Pag-renew ng Aking Medi-Cal

25 Mga Karapatan at Mga Responsibilidad

Mga Karapatan sa Pag-apela at Pagdinig Patas na Pagdinig sa Estado
Pananagutan ng Ikatlong Partido (Third Party Liability)
Pagbawi ng Estate (Estate Recovery)
Medi-Cal Panloloko
Mga Inaatas sa Walang Diskriminasyon at Pag-access

DHCS Sa Social Media



@DHCS_CA



DHCS.CA



California Department of Health Care Services



DHCS_CA

Pagsakop sa Kalusugan sa California



“Aking Medi-Cal: Paano Makuha ang Pangangalaga sa Kalusugang Kailangan Mo”

sinasabi sa mga taga-California kung paano mag-apply para sa Medi-Cal para sa walang gastos o murang pangkalusugang insurance. Matututunan mo ang dapat mong gawin para maging kuwalipikado. Sasabihin din sa iyo ng gabay na ito kung paano gagamitin ang iyong Medi-Cal na benepisyo. Sasabihin nito sa iyo kung kailan iuulat ang mga pagbabago. Dapat mong itago ang gabay na ito at gamitin ito kapag may mga tanong ka tungkol sa Medi-Cal.

Naghahandog ang California ng dalawang paraan para makakuha ng pangkalusugang pagsakop. Ito ay “Medi-Cal” at “Covered California.” Ang dalawang programa ay gumagamit ng parehong aplikasyon.

Ano ang Medi-Cal?

Ang Medi-Cal ay ang bersiyon ng California ng Pederal Medicaid na programa. Ang Medi-Cal ay naghahandog ng libre at murang pagsakop sa kalusugan sa nararapat na mga taong nakatira sa California.

Pinamamahalaan ng Department of Health Care Services (DHCS) ang programang Medi-Cal.

Ang lokal na tanggapan ng county mo ang namamahala sa karamihan ng mga kaso ng Medi-Cal para sa DHCS. Maaabot mo ang lokal mong tanggapan ng county sa www.benefitscal.com. Maaari mo ring tawagan ang lokal na tanggapan ng iyong county.

Para makuha ang numero ng telepono para sa lokal na tanggapan ng county mo, pumunta sa: <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>

o tumawag sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077)

Ang mga lokal na tanggapan ng county ay gumagamit ng maraming katotohanan para madetermina kung anong klase ng tulong ang makukuha mo mula sa Medi-Cal. Kasama rito ang:

- Gaanong pera ang kinikita mo
- Iyong edad
- Ang edad ng alinmang mga bata sa aplikasyon mo
- Kung ikaw ay buntis, bulag o may kapansanan
- Kung ikaw ay nakakatanggap ng Medicare

Maaaring malaman ng karamihan ng mga taong nag-a-apply para sa Medi-Cal kung kuwalipikado sila batay sa kanilang kita. Para sa ilang klase ng Medi-Cal, maaaring kailanganin din ng mga taong magbigay ng impormasyon tungkol sa mga ari-arian at pag-aari nila. Para matuto pa, Tignan ang Paghahambing ng Programa ng Medi-Cal sa pahina 6.

Ano ang Covered California?

Ang Covered California ay ang palengke ng pangkalusugang insurance ng Estado. Maihahambing mo ang mga planong pangkalusugan mula sa mga brand-name na kompanya ng insurance o mamili ng plano. Kung masyadong mataas ang kita mo para sa Medi-Cal, maaaring kuwalipikado kang bumili ng pangkalusugang insurance sa pamamagitan ng Covered California.

Covered California naghahandog ng “tulong sa premium (premium assistance).” Nakakatulong itong mapababa ang halaga ng pag-aalaga sa kalusugan para sa mga indibiduwal at pamilya na nag-e-enroll sa planong pangkalusugan ng Covered California at matugunan ang mga patakaran sa kita. Para maging kuwalipikado sa tulong sa premium, ang kita mo ay dapat mas mababa sa limitasyon sa kita ng Covered California na programa.

Ang Covered California ay may apat na lebel ng pagsakop na pagpipilian: Tanso, Pilak, Ginto, at Platinum. Pareho ang mga benepisyong sa bawat lebel anumang kompanya ng insurance ang piliin mo. Ang kita mo at ibang katotohanan ang magpapasya kung sa anong programa ka kuwalipikado.

Para matuto pa tungkol sa Covered California, pumunta sa www.coveredca.com o tumawag sa **1-800-983-8816 (TTY 1-888-889-4500)**.

Ano ang Mga Inaatas para Makuha ang Medi-Cal?

Para maging kuwalipikado para sa Medi-Cal, dapat ay nakatira ka sa estado ng California at matugunan ang ilang mga patakaran. Dapat mong ibigay ang impormasyon ng katayuan ng kita at pagsumite ng buwis para sa lahat ng tao na nasa pamilya mo o nasa return ng iyong buwis. Maaari mo ring kailanganing ibigay ang impormasyon tungkol sa pag-aari mo.

Hindi ka kailangang mag-file ng mga buwis para maging kuwalipidado para sa Medi-Cal. Para sa tanong sa pag-file ng buwis, kausapin ang Serbisyo ng Panloob na Kita (Internal Revenue Service-IRS) o propesyonal sa buwis.

Lahat ng indibiduwal na nag-a-apply sa Medi-Cal ay dapat magbigay ng kanilang Numero ng Panlipunang Seguridad (Social Security Number-SSN) kung mayroon sila. Ang bawat taong humihingi ng Medi-Cal ay dapat magbigay ng impormasyon tungkol sa kanyang katayuan sa imigrasyon. Katayuan sa imigrasyon na binigay bilang bahagi ng Medi-Cal na aplikasyon ay kumpidensiyal. Hindi ito magagamit ng Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan sa Estados Unidos at Imigrasyon (United States Citizenship and Immigration Services) para sa pagpapatupad ng imigrasyon maliban kung nagkakasala ka ng panloloko.

Ang mga adult na nasa edad na 19 o mas matanda ay maaaring maging kuwalipikado sa limitadong Medi-Cal na benepisyong kahit na wala silang Numero ng Panlipunang Seguridad (SSN) o hindi mapapatunayan ang katayuan sa imigrasyon. Nasasakupan ng mga benepisyong ito ang emergency, na kaugnay ng pagbubuntis at pangmatagalang pag-aalaga (long-term care) na serbisyo.

Maaari kang mag-apply para sa Medi-Cal para sa anak mo kahit na hindi ka kuwalipikado para sa buong pagsaklaw.

Sa California, ang katayuan sa imigrasyon ay hindi nakakaapekto sa Medi-Cal na benepisyong para sa mga batang mas bata sa edad na 19. Maaaring maging kuwalipikado ang mga bata sa Medi-Cal na benepisyong, anumang ang katayuan sa imigrasyon.

Para matuto pa tungkol sa mga patakaran ng programang Medi-Cal, basahin ang Paghahambing sa Programang Medi-Cal sa susunod na pahina.

Paghahambing sa Programa ng Medi-Cal

MAGI

vs.

Non-MAGI

Ang Binagong Inayong Kabuuang Kita (Modified Adjusted Gross Income-MAGI) Medi-Cal na paraan ay gumagamit ng mga patakaran ng Pederal na buwis para magpasya kung kuwalipikado ka batay sa kung paano mo pina-file ang mga buwis mo at ang mabibilang mong kita.

Kasama ng Non-MAGI Medi-Cal ang maraming espesyal na programa. Ang mga taong hindi kuwalipikado para sa MAGI Medi-Cal ay maaaring kuwalipikado para sa Non-MAGI Medi-Cal.



Sino ang nararapat:



- Mga batang mas bata sa 19 taong gulang
- Mga magulang at tagapag-alaga ng mga batang menor-de-edad
- Mga adult 19 hanggang 64 taong gulang
- Mga buntis na indibiduwal

- Adult na nasa edad na 65 taong gulang o mas matanda
- Batang mas bata sa 21
- Buntis na indibiduwal
- Magulang/ Tagapag-alagang Kamag-anak ng batang nararapat ang edad
- Adult o bata na nasa pasilidad ng pangmatagalang pag-aalaga
- Taong nakakakuha ng Medicare
- Bulag o may kapansanan



Mga patakaran ng pag-aari:



Walang mga limitasyon sa pag-aari.

- Dapat mag-ulat at magbigay ng katibayan ng pag-aari tulad ng mga sasakyan, account sa bangko, o mga inuupahang tahanan
- Mga limitasyon ng halaga ng pag-aari sa sambahayan

Para sa MAGI at Non-MAGI:

- Susuriin ng lokal na tanggapan sa county ang impormasyon ng aplikasyon mo. Maaari kang magbigay ng higit pang katibayan.
 - Nakatira ka dapat sa California.
 - Ang mga mamamayan ng U.S. o naaayon sa batas na naroong aplikante ay dapat maglaan ng kanilang SSN.
 - Dapat kang mag-apply sa anumang kita na maaari kang kuwalipikado tulad ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho (unemployment benefits) at Insurance ng Estado sa Kapansanan (State Disability Insurance).
 - Dapat kang sumunod sa pagpapatupad sa medikal na suporta* na:
 - Magtaguyod ng paternidad para sa anak o mga anak na pinanganak sa labas ng kasal.
 - Kumuha ng medikal na suporta para sa anak o mga anak na wala ang isang magulang.
- *Kung sa palagay mo ay may maganda kang dahilan para hindi sundin ang patakarang ito, tawagan ang lokal na tanggapan ng county mo.*



Paano Ako Mag-a-Apply?

Maaari kang mag-apply para sa Medi-Cal anumang oras sa taon, koreo, telepono, fax, o email. Maaari ka ring mag-apply online o harapan.

Maaari ka lang mag-apply para sa pagsaklaw ng Covered California sa mga ilang petsa. Para malaman kung kailan ka maaaring mag-apply, pumunta sa www.coveredca.com o tumawag sa 1-800-983-8816 (TTY 1-888-889-4500).

Mag-apply sa pamamagitan ng mail:

Maaari kang mag-apply para sa Medi-Cal at Covered California gamit ang lisang Streamlined na Aplikasyon (Single Streamlined Application). Makukuha mo ang aplikasyon sa Ingles at mga ibang wika sa: <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. Ipadala ang mga nakumpletong aplikasyon sa lokal na tanggapan ng county mo.

Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa county sa:
<http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>

Maaari ka ring magpadala ng mga aplikasyon sa:
Covered California
P.O. Box 989725
West Sacramento, CA 95798-9725

Mag-apply gamit ang telepono, fax, o email:

Tawagan ang iyong lokal na tanggapan sa county. Mahahanap mo ang numero ng telepono sa web sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> o tumawag sa Covered California sa 1-800-983-8816.

Mag-apply online sa:

www.benefitscal.com

o

www.coveredca.com

Harapan:

Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa county sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. Makakakuha ka ng tulong sa pag-apply.

Maaari ka ring makahanap ng Covered California Pinatotohanang Tagapagpayo sa Pag-enroll (Certified Enrollment Counselor) o Ahente ng Insurance (Insurance Agent) sa www.CoveredCA.com/get-help/local/.

Gaano Katagal Aabutin ang Pagproseso ng Aking Aplikasyon?

Maaaring abutin ng hanggang 45 araw para iproseso ang iyong Medi-Cal na aplikasyon. Kapag nag-apply ka para sa Medi-Cal batay sa kapansanan, maaaring abutin ng hanggang 90 araw. Ang lokal mong tanggapan sa county o ang Covered California ay magpapadala sa iyo ng liham ng pagpasya sa pagiging nararapat. Ang liham ay tinatawag na "Abiso ng Pagkilos (Notice of Action)." Kung hindi ka nakatanggap ng liham sa loob ng 45 o 90 araw, maaari kang humingi ng "Patas na Pagdinig sa Estado (State Fair Hearing)." Maaari ka ring humingi ng pagdinig kung hindi ka sang-ayon sa pagpasya. Para matuto pa, basahin ang "Mga karapatan sa Pag-apela at Pagdinig" sa pahina 25.

Paano Ko Gagamitin ang Aking Mga Benepisyo sa Medi-Cal?



Sinasakop ng Medi-Cal ang karamihan ng mga medikal na kailangang pag-aalaga. Kasama nito ang mga appointment sa doktor at dentista, mga de-resetang gamot, pag-aalaga ng paningin, pagpapalano ng pamilya, pag-aalaga ng kalusugan ng pag-iisip, at paggamot sa droga o alak. Sinasaklawin din ng Medi-Cal ang transportasyon sa mga serbisyong ito. Magbasa pa sa tungkol sa "Covered Benefits" sa pahinang 14.

Kapag naaprubahan ka, magagamit mo ang iyong mga benepisyong Medi-Cal agad. Ang mga bagong benepisyaryo na inaprubahan para sa Medi-Cal ay makakakuha ng Medi-Cal na Card ng Pagkikilanlan ng Mga Benepisyo (Benefits Identification Card-BIC). Kailangan ng iyong mga tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan at dental anbg iyong BIC para magibigay ng mga serbisyo at singilin ang Medi-Cal. Bago benepisyaryo at mga humihingi ng mga pamalit na card ay makakakuha ng bagong disenyo ng BIC na pinapakita ang California poppy. Ang dalawang disenyo ng BIC ay pinapakita dito ay balido:



Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng county kung:

- Hindi mo nakuha ang iyong BIC
- Nawala ang iyong BIC
- Mali ang impormasyon ng iyong BIC
- Nanakaw ang iyong BIC

Kapag pinadalhan ka ng bagong BIC, hindi mo magagamit ang luma mong BIC.

Makukuha mo ang numero ng telepono para sa lokal na tanggapan ng county mo sa:

<http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>

o tumawag sa:

1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077)

Paano Ako Magpapatingin sa Doktor?

Karamihan ng mga tao na nasa Medi-Cal ay nagpapatingin sa doktor sa pamamagitan ng planong Medi-Cal Managed Care. Ang mga plano ay tulad ng mga planong pangkalusugan na mayroon ang mga tao sa pribadong insurance. Magbasa pa tungkol sa mga pinamamahalaang plano ng pag-aalaga simula sa susunod na pahina.

Maaaring abutin ng ilang linggo para italaga ang iyong planong Medi-Cal Managed Care. Sa una mong pagpapatala sa Medi-Cal, o kung may mga espesyal kang sitwasyon, maaaring kailanganin mong magpatingin sa doktor sa pamamagitan ng "Medi-Cal Fee-for-Service."

Ano ang Medi-Cal Fee-for-Service?

Ang Fee-for-Service ay paraan kung paano binabayaran ng Medi-Cal ang mga doktor at ibang tagapaglaan ng pag-aalaga. Kapag una kang nagpatala sa Medi-Cal, makukuha mo ang mga benepisyo mo sa pamamagitan ng Fee-for-Service Medi-Cal hanggang naka-enroll ka sa pinamamahalaang plano ng pag-aalaga sa kalusugan.

Bago ka makakuha ng medikal o dental na serbisyo, tanungin kung ang tagapaglaan ay tumatangap ng Medi-Cal na Fee-for-Service na bayad. May karapatan ang tagapaglaan na tumanggi na tumanggap ng mga Medi-Cal na pasyente. Kung hindi mo sinabi sa tagapaglaan na mayroon kang Medi-Cal, maaaring kailanganin mong magbayad para sa medikal o dental na serbisyo mismo.

Paano Binabayaran ang Mga Medikal o Dental na Gastos Binabayaran sa Pagsaklaw ng Fee-for-Service

Ginagamit ng tagapaglaan mo ang iyong BIC para masiguro na mayroon kang Medi-Cal. Malalaman ng tagapaglaan mo kung babayaran ng Medi-Cal ang medikal o dental na paggamot. Minsan ay maaaring kailanganin mong magbayad ng “kabahagi-sa-bayad” sa paggamot. Maaaring kailanganin mong magbayad ng \$1 tuwing makakakuha ka ng medikal o dental na serbisyo o niresetang gamot. Maaaring kailanganin mong magbayad ng \$5 kung pumunta ka sa emergency room ng ospital kapag hindi mo kailangan ng emergency na serbisyo. Ang mga benepisyaryong naka-enroll sa pinamamahalaang plano sa pag-aalaga ay hindi kailangang magbayad ng mga kabahagi-sa-bayad.

May mga ilang serbisyo na dapat aprubahan ng Medi-Cal bago mo ito makuha. Tingnan ang pahina 10 para sa karagdagang impormasyon.

Paano Ako Makakakuha ng Medikal o Dental na Serbisyo Kapag Kailangan Kong Magbayad ng Bahagi sa Gastos (SOC)?

Ang ilang Non-MAGI Medi-Cal na programa ay nag-aatas sa iyong magbayad ng SOC. Ang Abiso ng Pagkilos na makukuha mo makalipas ang pag-apruba ng iyong Medi-Cal ay magsasabi sa iyo kung mayroon kang SOC. Ito rin ang magsasabi ng halaga ng SOC. Ang iyong SOC ay ang halaga na dapat mong bayaran o pangakong ibabayad sa tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan o dental bago magsimula ang Medi-Cal magbayad.

Ang halaga ng SOC ay magre-reset kada buwan. Kailangan mo lang bayaran ang iyong SOC sa buwan kapag kumuha ka ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan at/o dental. Ang halaga ng SOC ay utang sa tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan o dental. Hindi ito utang sa Medi-Cal o sa Estado. Maaaring pahintulutan ka ng mga tagapaglaan na magbayad para sa mga serbisyo sa ibang panahon sa halip na minsanan. Sa ilang county, kung mayroon kang SOC, hindi ka makakapag-enroll sa pinamamahalaang plano sa pag-aalaga.

Kapag nagbayad ka para sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan mula sa taong hindi tumatangap ng Medi-Cal, maaari mong bilangin ang mga bayad na iyon patungo sa iyong SOC. Dapat mong kunin ang mga resibong iyon mula sa mga gastos sa pag-aalaga sa kalusugan sa tanggapan ng lokal mong county. Ikekredito nila ang halagang iyon sa iyong SOC.

Maaaring mapababa mo ang SOC ng buwan sa hinaharap kung mayroon kang hindi bayad na medikal na bayarin. Tanungin ang lokal na tanggapan ng county mo para makita kung kuwalipikado ang mga bayarin mo.

Ano Ang Medi-Cal Managed Care?

Ang Medi-Cal Managed Care ay organisadong sistema para tulungan kang makakuha ng de-kalidad na pag-aalaga at manatiling malusog.

“**Ang mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal Managed Care ay makakatulong sa iyong makahanap ng mga doktor, parmasya at mga programa sa edukasyon ng kalusugan.**”

Karamihan ng mga tao ay dapat mag-enrol sa pinamamahalaang plano ng pag-aalaga, maliban kung matugunan mo ang partikular na pamantayan o maging kuwalipikado sa isang exemption. Ang iyong mga opsyon sa planong pangkalusugan ay depende sa county kung saan ka nakatira. Kung ang county mo ay may maraming planong pangkalusugan, kakailanganin mong pumili ng isa na bagay sa mga pangangailangan mo at ng pamilya mo.

Ang bawat Medi-Cal Managed Care sa loob ng bawat county ay may mga parehong serbisyo. Makukuha mo ang direktoryo ng mga pinamamahalaang plano sa pag-aalaga sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. Maaari kang pumili ng doktor na nagtatrabaho sa plano mo para maging pangunahin mong doktor sa pag-aalaga. O maaaring pumili ang plano mo ng doktor sa pangunahing pag-aalaga sa ngalan mo. Maaari kang pumili ng anumang tagapaglaan ng pagpapalano ng pamilya na napili mo sa Medi-Cal, kasama ang isa sa labas ng plano mo. Kontakin ang iyong pinamamahalaang plano ng pag-aalaga para matuto pa.

Ang mga pinamamahalaang plano ng pag-aalaga ay naghahandog din ng:

- Koordinasyon ng Pag-aalaga
- Mga pag-refer sa mga espesyalista
- 24-oras na serbisyo sa telepono ng payo ng nurse
- Mga sentro ng serbisyo sa kostumer

Dapat aprubahan ng Medi-Cal ang mga ilang serbisyo bago mo sila makuha. Ipapaalam ng tagapaglaan kapag kailangan mo ng paunang pag-apruba. Ang karamihan ng mga serbisyo ng doktor at karamihan ng mga pagbisita sa klinika ay hindi limitado. Hindi nila kailangan ng pag-apruba. Kausapin ang doktor mo tungkol sa iyong plano sa paggamot at mga appointment.

Paano Ako Mag-e-enroll sa isang Planong Medi-Cal Managed Care?

Kung ikaw ay nasa county na may mahigit sa isang opsyon sa plano, dapat kang pumili ng planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw ng pag-apruba sa Medi-Cal. Makakakuha ka ng pakete ng impormasyon sa mail. Sasabihin nito sa iyo ang (mga) planong pangkalusugan na makukuha sa county mo. Sasabihin din ng pakete sa iyo kung paano mag-enroll sa pinamamahalaang plano ng pangkalusugan na pinili mo. Kung hindi ka pumili ng plano sa loob ng 30 araw mula makuha ang iyong pag-apruba sa Medi-Cal, pipili ang Estado ng plano para sa iyo.

Pakihintay ang iyong pakete ng impormasyon sa planong pangkalusugan sa koreo.

“**Kung iisa lang ang planong pangkalusugan ng county mo, ang county ang pipili ng plano para sa iyo.**”

Kung nakatira ka sa **San Benito County**, iisa lang ang planong pangkalusugan. Maaari kang mag-enroll sa planong pangkalusugang ito. O maaaring piliin mong manatili sa Fee-for-Service Medi-Cal.

Kung ang county mo ay may mahigit sa isang planong pangkalusugan, kakailanganin mong pumili ng isa na bagay sa mga pangangailangan mo at ng pamilya mo.

Para makita kung anong mga plano ang nasa county mo, pumunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>

Paano Ako Magdi-disenroll, Hihingi ng Exemption mula sa Mandatoryong Pag-enroll, o Baguhin ang Aking Planong Medi-Cal Managed Care?

Karamihan ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal ay dapat mag-enroll sa planong Medi-Cal Managed Care. Kung nag-enroll ka sa plano sa pag-aalaga ng kalusugan **nang kusa**, maaari kang mag-disenroll anumang oras. Para mag-disenroll, tumawag sa Health Care Options sa **1-800-430-4263**.

Kapag ang county mo ay may mahigit sa isang plano, maaari kang tumawag sa Health Care Options kung gusto mong palitan ang iyong pinamamahalaang plano sa pag-aalaga ng kalusugan.

Kung nakakakuha ka ng paggamot ngayon mula sa Bayad-para-sa-Serbisyo Medi-Cal na tagapaglaan, maaari ka maging kuwalipikado para sa pansamantalang exemption mula sa mandatoryong pag-enroll sa planong Medi-Cal Managed Care. Ang Bayad-para-sa-Serbisyo na tagapaglaan ay hindi maaaring maging bahagi ng planong Medi-Cal Managed Care sa inyong county. Dapat ay ginagamot ka ng tagapaglaan para sa masalimuot na kundisyon na maaaring lumala kung kailangan kang magpalit ng mga tagapaglaan.

Tanungin ang tagapaglaan mo kung siya ay bahagi ng planong Medi-Cal Managed Care sa iyong county. Kung ang tagapaglaan mo ay hindi bahagi ng planong Medi-Cal Managed Care sa iyong county, papunan sa tagapaglaan mo ang form kasama mo para humingi ng exemption mula sa pag-enroll sa planong Medi-Cal Managed Care.

Kailangan ng tagapaglaan mong lagdaan ang form, ilakip ang inaatas na katibayan, at i-mail o i-fax ang form sa Health Care Options. Kakailanganin nilang repasuhin ito at magpasya kung kuwalipikado ka sa pansamantalang exemption mula sa pag-enroll sa isang planong Medi-Cal Managed Care. Mahahanap mo ang form at mga tagubilin sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.

Kung may mga tanong ka, tumawag sa **1-800-430-4263**.

Paano Kung Mayroon Akong Ibang Pangkalusugang Insurance?

Kahit na mayroon kang ibang pangkalusugang pagsaklaw tulad ng pangkalusugang insurance mula sa trabaho mo, maaari ka pa ring kuwalipikado para sa Medi-Cal. Kung kuwalipikado ka, sasaklawan ng Medi-Cal ang mga pinahihintulutang gastos na hindi binabayaran ng iyong pangunahing insurance. Sa ilalim ng pederal na batas, ang pribadong pangkalusugang insurance ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal ay dapat munang singilin bago singilin ang Medi-Cal.

Ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal ay inaatas ng batas pederal at ng estado para iulat ang pribadong pangkalusugang insurance. Para iulat o baguhin ang pribadong pangkalusugang insurance, pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> o tumawag sa **1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077)**. Sa labas ng California, tumawag sa **1-916-636-1980**.

Dapat mo rin itong iulat sa lokal na tanggapan ng county mo at sa tagapaglaan mo ng pag-aalaga sa kalusugan. Kung hindi ka nag-ulat ng anumang pribadong pangkalusugang insurance na mayroon ka, ikaw ay gumagawa ng isang krimen.

Makakakuha Ba Ako ng Mga Serbisyong Medi-Cal Kapag Wala Ako sa California?

Kapag nagbiyahe ka sa labas ng California, dalhin ang iyong BIC o katibayan na naka-enroll ka sa plano sa pag-aalaga ng kalusugan na Medi-Cal. Makakatulong ang Medi-Cal sa ilang kaso, tulad ng emergency dahil sa aksidente dahil sa aksidente, pinsala o malalang sakit. Maliban sa mga emergency, ang iyong plano sa pag-aalaga na pinamamahalaan ay dapat aprubahan ang anumang out-of-state na serbisyong medikal bago mo makuha ang serbisyo. Kung hindi tatanggapin ng tagapaglaan ang Medicaid, kailangan mong bayaran ang mga medikal na gastos sa mga serbisyo na makukuha mo sa labas ng California. Tandaan: maaaring maraming tagapaglaan na kaugnay sa emergency na pag-aalaga. Halimbawa, ang doktor kung kanino ka nagpatingin ay maaaring tumanggap sa Medicaid pero ang x-ray department ay hindi. Magtrabaho sa iyong plano ng pag-aalaga na pinamamahalaan na limitahin ang kailangan mong bayaran. Dapat munang siguruhin ng tagapaglaan na kuwalipikado ka sa pagtawag sa **1-916-636-1960**.

Kung nakatira ka malapit sa linya ng estado ng California at makakuha ng serbisyong medikal sa kabilang estado, ang ilan sa mga patakarang ito ay hindi ilalapat. Para matuto pa, kontakin ang iyong planong Medi-Cal Managed Care.

“Hindi mo makukuha ang Medi-Cal kung lumipat sa palabas ng California. Maaari kang mag-apply para sa Medicaid sa estadong lilipatan mo.”

Kung lilipat ka sa bagong county sa California, kailangan mong sabihin sa county kung saan ka nakatira o sa county na lilipatan mo. Ito ay para masiguro na patuloy mong makuha ang mga

benepisyong Medi-Cal. Dapat mong sabihin sa lokal na tanggapan ng county mo sa loob ng 10 araw mula sa paglipat sa bagong county.

Ano ang Dapat Kong Gawin Kung Hindi Ako Makakuha ng Appointment o Ibang Pag-aalagang Kailangan Ko?

Ang Tanggapan ng Medi-Cal Managed Care ng Ombudsman ay tumutulong sa paglutas ng mga problema mula sa walang kinikilingang paninindigan. Sinisiguro nila na makukuha mo ang lahat ng kailangang inaatas na nasasaklawang serbisyo.

Ang Tanggapan ng Ombudsman:

- Ay tumutulong sa paglutas sa mga problema sa pagitan ng mga miyembro ng Medi-Cal Managed Care at mga plano ng pinamamahalaang pag-aalaga nang walang kinikilingan
- Ay tumutulong sa paglutas sa mga problema sa pagitan ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal at mga plano ng kalusugan ng pag-iisip sa county nang walang kinikilingan
- Iniimbestigahan ang mga reklamo ng miyembro tungkol sa mga plano sa pag-aalaga na pinamamahalaan at mga planong sa kalusugan ng pag-iisip sa county
- Tinutulungan ang mga miyembro sa agarang pag-enroll at pag-disenroll na problema
- Tinutulungan ang mga benepisyaryo ng Medi-Cal na ma-access ang Medi-Cal dalubhasang serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip
- Naghahandog ng impormasyon at mga referral
- Kinikilala ang mga paraan para gawing mas mabisa ang programang Medi-Cal Managed Care
- Tinuturuan ang mga miyembro kung paano magnabiga sa Medi-Cal Managed Care at sistema ng dalubhasang kalusugan ng pag-iisip

Para matuto pa tungkol sa Tanggapan ng Ombudsman, maaari kang tumawag sa:

1-888-452-8609

o pumunta sa:

<http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>

Paano Gagana ang Medi-Cal kung Mayroon din Ako ng Medicare?

Maraming tao na 65 o mas matanda o may mga kapansanan ay kuwalipikado sa Medi-Cal at Medicare. Kung kuwalipikado ka sa dalawang programa, makukuha mo ang karamihan ng mga medikal mong serbisyo at de-resetang gamot sa pamamagitan ng Medicare. Ang Medi-Cal ay nagbibigay ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta tulad ng pag-aalaga sa bahay na nursing at pantahanan at batay sa komunidad na serbisyo.

“**Sinasaklawan ng Medi-Cal ang mga ilang benepisyo na hindi sinasaklawan ng Medicare.**”

Maaari ring bayaran ng Medi-Cal ang iyong mga Medicare premium.

Ano ang Medicare Premium Payment Buy-In Program?

Ang Medicare Programa sa Pagbabayad ng Premium (Premium Payment Program), na tinatawag ding Medicare na Pagbili (Buy-In), ay nagpapahintulot sa Medi-Cal na magbayad ng Medicare Bahagi A (Insurance sa Ospital) at/o Bahagi B (Medikal na Insurance) premium para sa mga miyembro ng Medi-Cal at ibang kuwalipikado sa ilang programang Medi-Cal.

Ano ang Medicare Programa sa Pagtitipid (Savings Program-MSP)?

Ang mga Medicare Savings Program ay maaaring magbayad ng Medicare Bahagi A at Medicare Bahagi B na makakaltas, kabahagi sa-insurance at kabahagi-sa-bayad kung matugunan mo ang mga ilang kundisyon. Kapag nag-apply ka para sa Medi-Cal, susuriin ka ng county mo para sa programang ito. Ang ilang taong hindi kuwalipikado para sa full-scope Medi-Cal na benepisyo ay maaari pa ring maging kuwalipikado para sa MSP.

Kapag Gumamit Ako ng Tagapaglaan ng Medicare, Kakailanganin Ko Bang Magbayad ng Medicare Co-Insurance?

Hindi. Kung nararapat sa MSP hindi mo kailangang magbayad ng anumang co-insurance o makakaltas. Kung makakuha ka ng singil mula sa iyong Medicare na tagapaglaan, kontakin ang iyong planong Medi-Cal Managed Care o tumawag sa **1-800-MEDICARE**.

Kung Mayroon Akong Medicare, Kailangan Ko Bang Gumamit ng Mga Doktor at Ibang Tagapaglaan Na Kumukuha ng Medi-Cal?

Hindi. Makakagamit ka ng anumang Medicare na tagapaglaan, kahit na kung ang tagapaglaang iyon ay hindi kumuha ng Medi-Cal o hindi bahagi ng iyong planong Medi-Cal Managed Care. Maaaring hindi ka tanggapin ng ilang tagapaglaan ng Medicare bilang pasyente.



Medi-Cal na Nasasakupang Benepisyo

Ang Medi-Cal ay naghahandog ng buong pangkat ng mga benepisyong tinatawag na Mga Mahahalagang Benepisyong Pangkalusugan (Essential Health Benefits). Para malaman kung nasasaklawan ang serbisyo, tanungin ang iyong doktor o planong pangkalusugan. Kasama sa Mahahalagang Pangkalusugang Benepisyo ang:

- Mga outpatient na serbisyo, tulad ng checkup sa opisina ng doktor
- Mga emergency na serbisyo
- Pagkakaospital
- Pag-aalaga sa pagbubuntis at bagong panganak
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo sa kapansanan sa paggamit ng sangkap, tulad ng pagpapagamot para sa pagkalulong sa droga o alak
- Mga de-resetang gamot
- Mga laboratoryong serbisyo, tulad ng mga pagsusuri sa dugo
- Mga programa tulad ng physical therapy (tinatawag na mga rehabilitative at habilitative na serbisyo) at mga medikal na supply at device tulad ng mga wheelchair at tangke ng oxygen
- Preventive at wellness na serbisyo
- Pamamahala ng hindi gumagaling na sakit
- Mga serbisyo sa mga bata (pediatric), kasama ang pag-aalagang oral at sa paningin
- In-home na pag-aalaga at mga ibang pangmatagalang serbisyo at suporta

Programa para sa Kapansanan sa Paggamit ng Sangkap

Naghahandog ang Medi-Cal ng mga inpatient at outpatient na setting para sa pagpapagamot sa pang-aabuso sa droga o alak. Tinatawag din itong kapansanan sa paggamit ng sangkap. Ang setting ay depende sa mga klase ng paggamot na kailangan mo. Mga serbisyo kasama ang:

- Outpatient na Walang Gamot na Pagpapagamot (pagpapayo sa pangkat at/o indibiduwal)
- Matinding Outpatient na Paggamot (mga serbisyong pagpapayo sa pangkat ng hindi bababa sa tatlong oras bawat araw, tatlong araw bawat linggo)
- Residensiyal na Paggamot (mga rehabilitation na serbisyo na nilaan habang nakatira sa lugar)
- Therapy sa Pagpalit ng Narkotiko (tulad ng methadone)

Ang ilang county ay naghahandog ng mas maraming serbisyong pagpapagamot at paggaling. Sabihin sa mga doktor mo ang tungkol sa iyong kundisyon para masangguni ka nila sa tamang paggamot. Maaari mo ring isangguni ang sarili mo sa pinakamalapit mong lokal na ahensiya ng paggamot. O tumawag sa hindi emergency na linya ng pagsangguni ng pagpapagamot ng Kapansanan sa Paggamit ng Sangkap sa **1-800-879-2772**.

Medi-Cal Dental na Programa (Medi-Cal Dental Program)

Ang kalusugang dental ay mahalagang bahagi ng kabuuang kalusugan. Ang Medi-Cal Dental na Programa (Medi-Cal Dental Program) ay sumasaklaw sa maraming serbisyo para panatiliing malusog ang mga ngipin mo. Makakakuha ka ng mga benepisyong dental sa sandaling maaprubahan ka para sa Medi-Cal.

Makikita mo ang mga benepisyong dental at mga ibang dulugan sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. O, maaari kang tumawag sa **1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922)** Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m.

Paano Ako Makakakuha ng Mga Serbisyonang Medi-Cal Dental?

Ang Medi-Cal Dental na Programa (Medi-Cal Dental Program) ay nagbibigay ng serbisyo sa dalawang paraan. Ang isa ay ang May Bayad na Serbisyo (Fee-for-Service) Dental at makukuha mo ito sa buong California. Ang May Bayad na Serbisyo (Fee-for-Service) Dental ay pareho sa May Bayad na Serbisyo (Fee-for-Service) Medi-Cal. Bago ka makakuha ng mga serbisyonang dental, dapat mong ipakita ang iyong BIC sa tagapaglaang dental at siguruhin na ang tagapaglaan ay kukuha ng May Bayad na Serbisyo (Fee-for-Service) Dental.

Ang isa pang paraan kung paano ang Medi-Cal ay nagbibigay ng mga serbisyonang dental ay sa pamamagitan ng Dental Managed Care-DMC. Ang DMC ay hinahandog lang sa Los Angeles County at Sacramento County. Ang mga DMC plan ay sumasaklaw sa parehong serbisyonang dental tulad ng May Bayad na Serbisyo (Fee-for-Service) Dental. Ang DHCS ay gumagamit ng tatlong pinamamahalaang plano sa pag-aalaga sa Sacramento County. Kinokontrata din ng DHCS ang tatlong mga prepaid na planong pangkalusugan sa Los Angeles County. Ang mga planong ito ay nagbibigay ng mga serbisyonang dental sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal.

Kung nakatira ka sa Sacramento County, dapat kang mag-enroll sa DMC. Sa ilang kaso, maaaring kuwalipikado ka para sa exemption mula sa pag-enrol sa DMC.

Para matuto pa, pumunta sa Health Care Options sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.

Sa Los Angeles County, maaari kang manatili sa May Bayad na Serbisyo (Fee-for-Service) Dental o maaari mong piliin ang programang DMC. Para piliin o palitan ang iyong planong dental, tumawag sa Health Care Options.

Maaga at Pana-panahong Pagsasala, Diyagnostiko at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment-EPSTD)

Kung ikaw at ang anak mo ay mas bata sa 21 taong gulang, sinasaklawan ng Medi-Cal ang preventive na serbisyo, tulad ng regular na pangkalusugang check-up at mga pagsasala. Ang mga regular na checkup at pagsasala ay naghahanap ng anumang problema sa iyong medikal, dental, paningin, pagdinig at pangkaisipang kalusugan, at ang anumang sakit sa paggamit sa sangkap. Maaari ka ring makakuha ng mga pagbabakuna para panatiliin kang malusog. Sinasaklawan ng Medi-Cal ang mga serbisyonang pagsasala anumang oras na kailangan ito, kahit na hindi ito sa regular mong check-up. Wala kang babayaran sa lahat ng mga serbisyonang ito.

Mahalaga ang mga checkup at pagsasala para tulungan ang iyong tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugang maagang matukoy ang mga problema. Kapag nakahanap ng problema sa pag-check-up o pagsasala, sasaklawan ng Medi-Cal ang mga serbisyonang kailangan para ayusin o pahasayin ang anumang pisikal o pangkaisipang kundisyon ng kalusugan o sakit. Makukuha mo ang diyagnostiko at paggamot na serbisyo na sinasabi ng iyong doktor, ibang tagapagkaloob ng pag-aalaga sa kalusugan,

dentista, programang Kalusugan ng Bata at Prebensiyon ng Kapansanan (Child Health and Disability Prevention program-CHDP) ng county, o tagapagkaloob ng kalusugang pangkaisipan o asal ng county ay kailangan para gumaling. Sinasaklawin ng EPSDT ang mga serbisyong ito nang wala kang gagastusin.

Sasabihin din sa iyo ng iyong tagapagkaloob kailan babalik sa susunod na check-up sa kalusugan, pagsasala o medikal na appointment. Kung may mga tanong ka tungkol sa pag-schedule sa medikal na pagbisita o kung paano kukuha ng tulong sa transportasyon sa medikal na pagbisita, makakatulong ang Medi-Cal. Tawagan ang iyong Planong Pangkalusugan ng Medi-Cal Managed Care Health Plan-MCP. Kung wala ka sa isang MCP, maaari mong tawagan ang iyong doktor o ibang tagapagkaloob o bumisita sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> para sa tulong sa transportasyon.

Para sa karagdagang impormasyon

tungkol sa EPSDT maaari kang tumawag sa **1-800-541-5555** pumunta sa

<http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>, kontakin ang CHDP na Programa ng inyong county, o inyong MCP. Para matuto pa tungkol sa mga serbisyong EPSDT Dalubhasang Pangkalusugan ng Pag-iisip o Sakit sa Pang-aabuso ng Sangkap, kontakin ang departamento ng kalusugan ng pangkaisipan o asal ng inyong county.

Mga Serbisyong Transportasyon

Makakatulong ang Medi-Cal sa mga sasakyan sa medikal, kalusugan ng pag-iisip, pang-aabuso sa sangkap, o mga dental na appointment kapag ang mga appointment na iyon ay nasasaklawin ng Medi-Cal. Ang mga ride ay maaaring hindi medikal na transportasyon (nonmedical transportation-NMT) o hindi emergency na medikal na transportasyon (nonemergency medical transportation-NEMT). Maaari mo ring gamitin ang NMT kung kailangan mong kumuha ng mga reseta o medikal na supply o kagamitan.

Kapag nagbiyahe ka gamit ang kotse, bus, tren, o taxi, pero walang sasakyan papunta sa iyong appointment, ang NMT ay maaaring ayusin.

Kung naka-enroll ka sa planong pangkalusugan, tawagan ang iyong Member Services para sa impormasyon kung paano kukuha ng mga serbisyong NMT.

Kung mayroon kang Fee-for-Service, maaari mong gawin ang sumusunod:

- Tawagan ang tanggapan ng Medi-Cal ng county mo para makita kung makakatulong silang makakuha ng NMT na sasakyan.
- Para mag-set up ng sasakyan, dapat mo munang tawagan ang iyong Bayad-para-sa-Serbisyo na medikal na tagapaglaan at magtanong tungkol sa tagapaglaan ng transportasyon sa lugar mo. O, maaari kang tumawag sa isa sa mga aprubadong tagapaglaan ng NMT sa lugar mo na nakalista sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.

Kung kailangan mo ng espesyal na medikal na sasakyan para makapunta sa iyong appointment, ipaalan sa iyong tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan. Kung ikaw ay nasa planong pangkalusugan, maaari mong kontakin ang plano mo para ayusin ang iyong transportasyon. Kung ikaw ay nasa Bayad-para-sa-Serbisyo, tawagan ang iyong tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan. Ang plano o tagapaglaan ay maaaring mag-order ng NEMT tulad ng wheelchair van, isang litter van, ambulansiya o air transport.

Siguruhaing humingi ng sasakyan sa lalong madalaling panahon bago ang appointment. Kung may madalas kang mga appointment, maaaring humiling ang iyong tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan o planong pangkalusugan ng transportasyon para saklawin ang mga appointment sa hinaharap.

Pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga sasakyang inayos ng aprubadong NMT na tagapaglaan.

Mga Dalubhasang Serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-iisip

Kung may sakit ka sa pag-iisip o may mga emosyonal na pangangailangan na hindi magamot ng regular mong doktor, may makukuhang mga dalubhasang serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip. Ang Plano para sa Kalusugan ng Pag-iisip (Mental Health Plan-MHP) ay nagbibigay ng mga specialty na serbisyo sa pangkalusugan ng pag-iisip. Ang bawat county ay may MHP.

Maaaring kasama ng mga dalubhasang serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip ang, pero hindi limitado sa, indibiduwal at pangkat na therapy, mga serbisyong pagbibigay ng gamot, mga serbisyo sa krisis, pamamahala ng kaso, mga serbisyo sa tirahan at ospital, at mga dalubhasang serbisyo para tulungan ang mga bata at kabataan.

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga dalubhasang serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip o para makuha ang mga serbisyong ito, tawagan ang MHP ng county mo. Aalamin ng MHP kung kuwalipikado ka para sa mga dalubhasang serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip. Makukuha mo ang numero ng telepono ng MHP mula sa Tanggapan ng Ombudsman at **1-888-452-8609** o pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.

Alam mo ba?



Kung kuwalipikado ka para sa Supplemental Security Income-SSI, awtomatiko kang kuwalipikado para sa SSI-linked Medi-Cal.



Makakatulong ang lokal mong tanggapan sa county sa ilang programang kaugnay ng SSI Medi-Cal. Sasabihin nila sa iyo kung kailangan mong makipag-ugnay sa tanggapan ng Panlipunang Seguridad Social Security) para lutasin ang problema.

Mga Ibang Pangkalusugang Programa at Serbisyo



Naghahandog ang California ng mga ibang programa para sa mga medikal mong pangangailangan. Maaari kang mag-apply para sa ilan sa pamamagitan ng parehong lokal na tanggapan sa county na humahawak sa Medi-Cal.

Mula sa Iyong Lokal na Tanggapan sa County

Maaari kang humingi ng mga programa sa ibaba mula sa parehong lokal na tanggapan ng county kung saan ka nag-apply para sa Medi-Cal. Maaari mong makuha ang numero ng telepono para sa county mo sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> o tumawag sa **1-800-541-5555** (TTY **1-800-430-7077**).

Dating Kabataang Inaalagaan (Former Foster Youth)

Kung ikaw ay nasa foster na pag-aalaga sa iyong ika-18 kaarawan o lagpas dito, maaari kang kuwalipikado para sa libreng Medi-Cal. Ang pagsaklaw ay maaaring magtagal hanggang iyong ika-26 na kaarawan. Balewala ang kita. Hindi mo kailangang punan ang buong aplikasyon ng Medi-Cal o magbigay ng impormasyon sa kita o buwis kapag nag-apply ka. Para sa agarang pagsaklaw, kontakin ang lokal na tanggapan ng county mo.

Mga Kumpidensiyal na Serbisyon Medikal

Maaari kang mag-apply para sa mga kumpidensiyal na serbisyo kung mas bata ka sa edad na 21. Para maging kuwalipikado, ikaw dapat ay:

- Walang asawa at nakatira kasama ng mga magulang mo, o
- Ang magulang mo ay dapat pinansiyal na responsable para sa iyo, tulad ng mga mag-aaral sa kolehiyo

Hindi mo kailangan ng pahintulot ng magulang para mag-apply para sa o makakuha ng pagsaklaw. Kasama sa mga serbisyo ang pagpapalano ng pamilya at pag-aalaga sa pagbubuntis, at paggamot sa pang-aabuso sa droga o alak, mga sakit na seksuwal na nakakahawa, seksuwal na asulto at kalusugan ng pag-iisip.

250% Programa ng Nagtatrabahong May Kapansanan (Working Disabled Program)

Ang Programa ng Nagtatrabahong May Kapansanan ay nagbibigay ng Medi-Cal sa mga adult na may kapansanan na may mas mataas na kita kaysa sa karamihan ng mga tatanggap ng Medi-Cal. Kung kinita mo ang kita sa kapansanan sa pamamagitan ng Social Security o dati mong trabaho, maaaring kuwalipikado ka. Kinakailangan

ng programa ng mababang buwanang premium, na nagmumula sa \$20 to \$250 depende sa kita mo. Para maging kuwalipikado, ikaw dapat ay:

- Makatugon sa kahulugan ng Social Security ng kapansanan, nakakuha ng kita sa kapansanan at ngayon ay kikita ng kaunting pera sa pamamagitan ng trabaho
- Matugunan ang mga patakaran ng kita ng programa para sa kinita at hindi kinitang kita
- Matugunan ang mga ibang patakaran ng programa

Medi-Cal Access Program (MCAP)

Ang MCAP ay nagbibigay ng murang komprehensibong pagsaklaw ng pangkalusugang insurance sa mga buntis na indibiduwal. Ang MCAP ay walang mga copayment o makakaltas para sa mga nasasaklawan nitong serbisyo. Ang kabuuang gastos para sa MCAP ay 1.5% ng iyong Binagong Inayos na Kabuuang Kita. Halimbawa, kung ang kita mo ay \$50,000 bawat taon, ang gastos mo ay \$750 para sa pagsaklaw. Maaari mong bayaran lahat ng minsanan o buwanang hulugan sa 12 buwan. Kung ikaw ay buntis at nasa pagsaklaw ng Covered California, maaaring makalipat ka sa MCAP. Ang mga batang pinanganak sa mga indibiduwal na naka-enroll sa MCAP ay kuwalipikado para sa Medi-Cal Access Infant Program o para sa Medi-Cal. Para maging kuwalipikado para sa MCAP, dapat ikaw ay:

- Isang residente ng California
- Hindi naka-enroll sa no-cost na Medi-Cal o Medicare Bahagi A at bahagi B sa oras ng aplikasyon
- Hindi nasaaklawan ng anumang ibang planong pangkalusugang insurance
- Nasa loob ng mga gabay sa kita ng programa

Para matuto pa tungkol sa MCAP, pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> o tumawag sa **1-800-433-2611**.

Mga Serbisyo ng Suporta sa Bahay (In Home Supportive Services-IHSS) na Programa

Tumutulong ang IHSS na magbayad sa mga serbisyo para maaari kang manatili nang ligtas sa tahanan mo. Kung kuwalipikado ka para sa Medi-Cal, maaari ka ring kuwalipikado para sa IHSS. Kung hindi ka kuwalipikado para sa Medi-Cal, maaari ka pa ring kuwalipikado para sa IHSS kung natutugunan mo ang ibang pamantayan sa pagiging nararapat. Kung mayroon kang Medi-Cal na walang SOC, babayaran nito ang lahat ng iyong mga serbisyong IHSS. Kung mayroon kang Medi-Cal na may SOC, dapat mong matugunan ang iyong Medi-Cal na SOC bago mabayaran ang anumang serbisyong IHSS. Para maging kuwalipikado, dapat **isa** ka man lang sa sumusunod:

- Edad 65 at mas matanda
- Bulag
- May kapansanan (kasama ang mga may kapansanang bata)
- May hindi gumagaling, nakakapinsalang kundisyon na nagdudulot ng functional na kapansanang inaasahang magtagal ng hindi bababa sa 12 magkakasunod na buwan o inaasahang magresulta sa kamatayan sa loob ng 12 buwan

Maaaring pahintulutan ng IHSS ang mga serbisyong tulad ng:

- Mga domestikong serbisyo tulad ng paghuhugas ng mga counter sa kusina o paglilinis ng banyo
- Paghahanda ng pagkain
- Labada
- Pamimili ng pagkain
- Mga serbisyong personal na pag-aalaga
- Kasama sa mga medikal na appointment
- Pamproteksiyong supersiyon para sa mga taong may sakit sa pag-iisip o may kapansanan sa pag-iisip at hindi kayang manatiling ligtas sa kanilang tahanan nang walang superbisyon
- Mga paramedical na serbisyo

Para matuto pa, pumunta sa to
<http://www.cdss.ca.gov/In-Home-Supportive-Services>.

Mga Ibang Serbisyo ng Estadong Pangkalusugan

Ang mga programa sa ibaba ay may ibang proseso sa aplikasyon mula sa Medi-Cal's. Maaari kang mag-apply o matuto pa tungkol sa programa gamit ang nakalistang impormasyon sa pakikipag-ugnay.

Programang Pagpapagamot ng Kanser sa Suso at Cervix (Breast and Cervical Cancer Treatment Program)

Ang Programang Pagpapagamot ng Kanser sa Suso at Cervix ay nagbibigay ng paggamot sa kanser at mga kaugnay na serbisyo sa mga mababa ang kita na residente ng California na kuwalipikado. Dapat silang masala at/o i-enroll ng Programang Pantukoy sa Kanser (Cancer Detection Program), Nabibilang Lahat ng Kababaihan (Every Woman Counts), o ng mga programang Pagpapalano ng Pamilya, Pag-access, Pag-aalaga at Paggamot (Family Planning, Access, Care and Treatment programs). Para maging kuwalipikado, dapat ay mayroon kang kita sa ilalim ng limitasyon at kailangan ng paggamot sa kanser sa suso o Cervix. Para matuto pa, tumawag sa **1-800-824-0088** o email BCCTP@dhcs.ca.gov.

Mga Serbisyong nasa Bahay at Komunidad (Home and Community-Based Services)

Pinahihintulutan ng Medi-Cal ang ilang nararapat na senior at mga taong may kapansanan para makakuha ng paggamot sa bahay o sa setting ng komunidad sa halip na sa nursing home o ibang institusyon. Mga Serbisyong nasa Bahay at Komunidad kasama pero hindi limitado sa pamamahala ng kaso (koordinasyon ng suporta at serbisyo), serbisyong pag-aalaga ng kalusugan ng adult sa araw, habilitasyon (araw at tirahan), gumagawa sa bagay, pangkalusugang katulong sa bahay, pangnutrisyong serbisyo, mga serbisyong

nursing, personal na pag-aalaga, at pagpapahingang pag-aalaga. Dapat ka maging kuwalipikado sa full-scope na Medi-Cal at matugunan lahat ng mga patakaran ng programa. Para matuto pa, tumawag sa DHCS, Integrated Systems of Care Division sa **1-916-552-9105**.

Programang California sa Mga Serbisyo sa Mga Bata (California Children's Services-CCS Program)

Ang programang CCS ay nagbibigay ng diyagnostiko at paggamot na serbisyo, pamamahala ng medikal na kaso, at physical at occupational therapy na serbisyo sa mga batang mas bata sa edad na 21 na may CCS-eligible na medikal na kundisyon. Ang mga CCS-eligible na medikal na kundisyon ay ang mga pisikal na nakakapinsala o kailangan ng medikal, surgical o pangrehabilitasyon na serbisyo. Ang mga serbisyong pinahintulutan ng programang CCS para gamutin ang CCS-eligible na medikal na kundisyon ng batang naka-enroll sa Medi-Cal na hindi mga serbisyo na sinasaklawan ng karamihan ng mga planong pangkalusugan. Ang planong pangkalusugang Medi-Cal ay nagbibigay pa rin ng pangunahing pag-aalaga at preventive na pangkalusugang serbisyo na hindi kaugnay ng nararapat sa CCS na medikal na kundisyon.

Para mag-apply para sa CCS, kontakin ang lokal na tanggapan sa county ng CCS. Para matuto pa, pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal> o tumawag sa **1-916-552-9105**.

Programang para sa Taong May Henetikong Kapansanan (Genetically Handicapped Person's Program-GHPP)

Ang GHPP ay nagbibigay ng medikal at administratibong pamamahala ng kaso at nagbabayad sa mga medikal na kailangang serbisyo sa mga taong nakatira sa California, ay mas matanda sa edad na 21, at may GHPP-eligible na medikal na kundisyon. Ang mga GHPP-eligible na kundisyon ay namamanang kundisyon tulad ng hemophilia, cystic fibrosis, Phenylketonuria, at sickle cell disease na may malaking epekto sa kalusugan. Ang GHPP ay

gumagamit ng sistema ng Mga Sentro ng Espesyal na Pag-aalaga (Special Care Centers-SCCs). Ang mga SCC ay nagbibigay ng komprehensibo, koordinadong pag-aalagang pangkalusugan sa mga kliyente sa mga partikular na nararapat na kundisyon. Kung ang serbisyo ay wala sa mga nasasaklawang benepisyo ng planong pangkalusugan, pinahihintulutan ng GHPP ang taunang pagsusuri ng SCC para sa mga adult na naka-enroll sa Medi-Cal na may nararapat sa GHPP na kundisyong medikal.

Para mag-apply para sa GHPP, kumpletuhin ang aplikasyon. I-fax ito sa **1-800-440-5318**. Para matuto pa, tumawag sa **1-916-552-9105** o pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.

Alam mo ba?

Posible sa mga miyembro ng parehong pamilya para maging kuwalipikado sa parehong Medi-Cal at Covered California. Ito ay dahil ang mga patakaran sa pagiging nararapat sa Medi-Cal ay iba sa mga bata at sa mga adult.

Halimbawa, ang pagsakop para sa sambahayan ng dalawang magulang at anak ay maaaring mukhang ganito:



Mga Magulang — nararapat sa Covered California na planong pangkalusugan at makatanggap ng mga kredito sa buwis at pagbabahagi sa gastos para mabawasan ang gastusin nila



Anak — nararapat sa libre o murang Medi-Cal

May Bisa sa Nakaraang Medi-Cal (Retroactive Medi-Cal)

Kung mayroon kang hindi bayad na medikal o dental na bayarin kapag nag-apply ka para sa Medi-Cal, maaari kang humiling ng retroactive na Medi-Cal. Ang retroactive na Medi-Cal ay maaaring makatulong sa pagbayad ng mga medikal o dental na bayarin sa alinman sa tatlong buwan bago ang petsa ng aplikasyon.

Halimbawa, kung nag-apply ka para sa Medi-Cal noong Abril, maaari kang makakuha ng tulong sa mga bayarin sa medikal o dental na serbisyo na nakuha mo sa Enero, Pebrero at Marso.

Para makakuha ng retroactive na Medi-Cal dapat kang:

- Maging kuwalipikado sa Medi-Cal sa buwang nakuha mo ang mga serbisyong medikal
- Nakatanggap ng medikal o dental na serbisyo na Medi-Cal na pagsakop
- Hingin ito sa loob ng isang taon ng buwan kung kailan mo natanggap ang mga nasasaklawang serbisyo
- Dapat kang makipag-ugnay sa lokal na tanggapan ng county mo para humiling ng retroactive Medi-Cal

Halimbawa, kung ginamot ka dahil sa baling braso noong Enero 2017 at nag-apply ka para sa Medi-Cal ng Abril 2017, kailangan kang humiling ng retroactive na Medi-Cal nang hindi lalagpas sa Enero 2018 para bayaran ang mga medikal na bayarin.

Kung nabayaran mo na ang medikal o detal na serbisyong nakuha mo sa tatlong buwan ng retroactive na panahon, maaari ka ring tulongan ng Medi-Cal na mabayaran. Dapat mong isumite ang claim mo sa loob ng isang taon ng petsa ng serbisyo, o sa loob ng 90 araw makalipas ang pag-apruba sa iyong pagiging nararapat sa Medi-Cal, alinman ang mas matagal.

Para magsampa ng claim, dapat kang tumawag o sumulat sa:

Department of Health Care Services
Beneficiary Services
P.O. Box 138008
Sacramento, CA 95813-8008
1-916-403-2007 (TTY 1-916-635-6491)

Para sa Medikal, Kalusugan ng Pag-iisip,
Sakit sa Paggamit ng Sangkap, at mga Claim
sa In-Home Support Services

Medi-Cal Dental Beneficiary Services
P.O. Box 526026
Sacramento, CA 95852-6026
1-916-403-2007 (TTY 1-916-635-6491)

Para sa Mga Dental Claim.



Pag-update at Pag-renew ng Aking Medi-Cal

Dapat mong iulat ang anumang mga pagbabago sa sambahayan sa loob ng 10 araw sa lokal na tanggapan ng county mo. Maaari mong iulat ang pagbabago nang ikaw mismo, online, gamit ang telepono, email, o fax. Ang mga pagbabago ay makakaapekto sa iyong Medi-Cal eligibility.

Dapat mong iulat kung ikaw ay:

- Nag-asawa o nag-diborsiyo
- Nagka-anak, nag-ampon o nagpa-ampon
- Magkaroon ng pagbabago sa kita o pag-aari (kung angkop)
- Kumuha ng anumang ibang pangkalusugang pagsakop kasama ang sa pamamagitan ng trabaho o programang tulad ng Medicare
- Lumipat o may pagbabago sa nakatira sa bahay mo
- Baguhin ang katayuan sa kapansanan
- Baguhin ang katayuan sa pagsumite ng buwis, kasama ang pagbabago sa mga umaasa sa buwis
- Baguhin ang katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon
- Nakulong (kulungan, piitan, atbp.) o pinalabas mula sa pagkakakulong
- Nagbago ang katayuan bilang American Indian o Alaska Native o binago ang katayuan sa tribu
- Nagpalit ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan o SSN
- Nagkaroon ng anumang ibang pagbabago na maaaring makaapekto sa iyong kita o laki ng sambahayan

Paano kung Lumipat Ako sa Ibang County sa California?

Kung lumipat ka sa ibang county sa California, maaari mong ipalipat ang iyong Medi-Cal na kaso sa bagong county. Tinatawag itong Inter-County na Paglipat (Inter-County Transfer-ICT). Dapat mong iulat ang pagbabago ng address mo sa alinmang county sa loob ng 10 araw mula sa pagbabago. Maaari mong iulat ang pagbabago ng iyong address online, nang ikaw mismo, gamit ang telepono, email, o fax. Matatapos ang iyong pagsaklaw sa pinamamahalaang plano ng pag-aalaga sa dati mong ocunty sa katapusan ng huling araw ng buwan. Kailangan mong mag-enroll sa pinamamahalaang plano ng pag-aalaga sa bago mong county.

Kapag umalis ka nang pansamantala sa county, hindi ililipat ang iyong Medi-Cal. Kasama rito ang pagpunta ng anak sa kolehiyo o kapag may inalagaan kang may sakit na kamag-anak. Kontakin ang lokal mong tanggapan sa county para iulat ang pansamantalang pagbabago ng address ng miyembro ng sambahayan sa bagong county. Ia-update ng tanggapan ng lokal na county ang address upang makapag-enroll ang miyembro ng sambahayan sa planong pangkalusugan sa bagong county.

Paano Ko Ire-renew ang aking Pagsakop sa Medi-Cal?

Para mapanatili ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal, dapat mong i-renew ito ng minsan man lang bawat taon. Kung hindi mare-renew ng lokal na tanggapan ng county mo ang iyong pagsakop sa Medi-Cal gamit ang mga elektronikong pagmumulan, padadalhan ka nila ng renewal form. Kailangan mong magbigay ng impormasyon na bago o nagbago. Kailangan mo ring ibigay ang pinakabago mong impormasyon. Maisasauli mo ang iyong impormasyon online, nang ikaw mismo, o sa telepono o ibang elektronikong paraan kung mayroon sa iyong county. Kaag iyong pinadala sa mail o isauli mo mismo ang iyong renewal form, dapat ay may lagda ito.

Kapag hindi mo binigay ang kailangang impormasyon sa petsa na nakatakda, ang iyong mga Medi-Cal na benepisyo ay magtatapos. Ang lokal mong tanggapan sa county ay magpapadala sa iyo ng Abiso ng Pagkilos sa mail. Mayroon kang 90 araw para ibigay sa lokal na tanggapan ng county mo lahat ng kulang na impormasyon nang hindi kailangang muling mag-apply. Kapag ibinigay mo ang kulang na impormasyon sa loob ng 90 araw at kuwalipikado ka pa rin para sa Medi-Cal, ang lokal mong tanggapan ng county ay sa iyong Medi-Cal nang walang puwang sa pagsakop.

Alam mo ba?



Nagbibigay ang Medi-Cal ng edukasyon sa pagpapasuso bilang bahagi ng Pag-aalaga sa Buntis at Bagong Panganak.



Nararapat ka sa mga rutinang eksaminasyon ng mata minsan bawat 24 buwan.



Para matuto pa tungkol sa hinahandog, pumunta sa:
<http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>

Mga Karapatan at Mga Responsibilidad



Kapag nag-apply ka para sa Medi-Cal, makukuha mo ang listahan ng mga karapatan at responsibilidad mo. Kasama rito ang inaatas na mag-ulat ng mga pagbabago sa address o kita, o kung may sinumang buntis o nanganak. Maaari kang tumawag sa lokal na tanggapan ng county mo o hanapin ang pinaka-up-to-date na listahan ng miyong mga karapatan at responsibilidad online sa:

<http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>

Mga Karapatan sa Pag-apela at Pagdinig

Mga Serbisyo at Benepisyo sa Pag-aalaga ng Kalusugan

May karapatan kang humingi ng apela kung hindi ka sang-ayon sa serbisyo o benepisyo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Kung ikaw ay nasa planong Medi-Cal Managed Care at nakatanggap ka ng liham na Abiso sa Pagkilos na nagsasabi sa iyo na ang pangkalusugang pag-aalagang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan, may karapatan kang humingi ng apela.

Dapat kang magsampa ng apela sa plano mo sa loob ng 60 araw sa petsa ng Abiso ng Pagkilos.

Matapos mong isampa ang apela mo, padadalhan ka ng plano ng pagpasya sa loob ng 30 araw. Kung hindi ka makakuha ng pasya sa loob ng 30 araw o hindi masaya sa pagpasya ng plano, makakahingi ka ng Patas na Pagdinig sa Estado. Rerepasuhin ng husgado ang kaso mo. **Dapat ka munang magsampa ng apela sa plano mo bago ka makahingi ng Patas na Pagdinig sa Estado.** Dapat kang humingi ng Patas na Pagdinig sa Estado sa loob ng 120 araw sa petsa ng nakasulat na pagpasya sa apela ng plano.

Kung ikaw ay nasa Bayad-para-sa-Serbisyo Medi-Cal at nakatanggap ka ng liham na Abiso sa Pagkilos na nagsasabi sa iyo na ang pangkalusugang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan, may karapatan kang humingi agad ng Patas na Pagdinig sa Estado. Dapat kang humingi ng Patas na Pagdinig sa Estado sa loob ng 90 araw sa petsa ng Abiso ng Pagkilos.

May karapatan ka ring humingi ng Patas na Pagdinig sa Estado kung hindi ka sang-ayon sa nagaganap sa iyong Medi-Cal na aplikasyon o pagiging nararapat. Maaaring ito ay kapag:

- Hindi ka sang-ayon sa pagkilos ng county o Estado sa iyong Medi-Cal na aplikasyon
- Hindi ka binibigyan ng county ng pagpasya tungkol sa iyong Medi-Cal na aplikasyon sa loob ng 45 o 90 araw
- Ang pagiging nararapat mo sa Medi-Cal o Bahagi ng Gastos ay nagbago

Mga Pagpasya sa Pagiging Nararapat

Kung makakuha ka ng liham ng Abiso ng Pagkilos na nagsasabi sa iyo ng pagpasya sa pagiging nararapat na hindi ka sang-ayon, maaari kang makipag-usap sa iyong trabahador sa pagiging nararapat ng county at/o humingi ng Patas na Pagdinig sa Estado. Kung hindi mo malulutas ang hindi mo pagkakasundo sa county, dapat kang humiling ng Patas na Pagdinig sa Estado sa loob ng 90 araw sa petsa ng Abiso ng Pagkilos. Maaari kang humingi ng Patas na Pagdinig sa Estado sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa lokal mong tanggapan sa county. Maaari ka ring tumawag o sumulat sa:

**California Department of Social Services
Public Inquiry and Response
PO Box 944243, M.S. 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430
1-800-743-8525, (TTY 1-800-952-8349)**

Maaari ka ring magsampa ng hiling sa pagdinig online sa:

<http://www.cdss.ca.gov/>

Kung naniniwala ka na labag sa batas kang nadiskrimina sa batayan ng sex, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pambansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, o seksuwal na oryentasyon, maaari kang magreklamo sa DHCS Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights).

Maaari kang matuto kung paano gumawa ng reklamo sa diskriminasyon sa "Pederal na Inaat sa Abiso na Nagpapabatid sa Mga Indibiduwal Tungkol sa Mga Inaat sa Walang Diskriminasyon at Pag-access" sa pahina 28.

Tungkol sa Patas na Pagdinig sa Estado

Sasabihin sa iyo ng Estado na nakuha nito ang paghiling mo sa pagdinig. Makakakuha ka ng abiso sa oras, petsa at lugar ng iyong pagdinig. Rerepasuhin ng kinatawan ng pagdinig ang kaso mo at lulutasin ang iyong isyu. Kung hinandugan ka ng county/State ng kasunduan para malutas ang isyun mo, makukuha mo ito sa pamamagitan ng sulat.

Maaari kang magbigay ng pahintulot sa pamamagitan ng sulat para sa kaibigan, miyembro ng pamilya o tagapagtanggol para tulungan ka sa pagdinig. Kung hindi mo lubos na malutas ang isyu mo sa county o Estadi, ikaw o ang iyong kinatawan ay dapat dumalo sa Patas na Pagdinig sa Estado. Ang pagdinig mo ay maaaring harapan o sa pamamagitan ng telepono. Ang huwes na hindi nagtatrabaho para sa county o Medi-Cal na programa ay didinig sa kaso mo.

May karapatan ka sa libreng tulong sa wika Ilista ang wika mo sa paghiling mo sa pagdinig. O sabihin sa kinatawan sa pagdinig na gusto mo ng libreng tagapagsaling-wika. Hindi mo maaaring gamitin ang pamilya o mga kaibigan para tagapagsaling-wika mo sa pagdinig.

Kung may kapansanan ka at kailangan ng makatiwirang akomodasyon para ganap na sumali sa Patas na Pagdinig na proseso, maaari kang tumawag sa 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349) Maaari ka ring magpadala ng email sa SHDCSU@DSS.ca.gov

Para makakuha ng tulong sa pagdinig mo, maaari kang humingi ng pag-refer sa legal na tulong. Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa lokal mong legal na tulong o tanggapang ng mga karapatan sa welfare.

Pananagutan ng Ikatlong Partido

Kung nagdurusa ka sa pinsala, maaari mong gamitin ang iyong Medi-Cal para makakuha ng mga serbisyong medikal. Kapag nagsampa ka ng paghabol sa insurance o may dinemanda para sa kapahamakan dahil sa pinsala mo, dapat mong abisuhan ang Medi-Cal Pinalang Personal (Personal Injury-PI) na programa sa loob ng 30 araw ng pagsampa sa iyong paghabol o pagkilos. Dapat mong sabihan ang iyong lokal na tanggapan ng county at programang PI.

Para abisuhan ang Medi-Cal PI na programa, pakikumpleto ang "Abiso sa Personal na Pinsala (Bagong Kaso)" form. Mahahanap mo ito sa website sa ibaba. Kung wala kang internet access, pakisabihan ang abogado mo o ang kinatawan ng kompanya ng insurance na abisuhan ang Medi-Cal PI na programa sa ngalan mo. Makakahanap ka ng mga form ng abiso at update sa: <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.

Kapag umupa ka ng abogado para i-represent ka para sa claim o demanda, ang abogado mo ay responsable sa pag-abiso sa Medi-Cal PI na programa at magbigay ng liham ng pahintulot. Ang awtorisasyong ito ay nagpapahintulot sa kawani ng Medi-Cal na kontakin ang abogado mo at talakayin ang iyong personal na pinalang kaso. Ang Medi-Cal ay hindi nagbibigay ng pangangatawan o referral sa abogado. Maaaring maghandog ang kawani ng impormasyon na makakatulong sa abogado sa pamamagitan ng proseso.

Pagbawi ng Estate

Ang programang Medi-Cal ay dapat humingi ng pagbabalik ng bayad mula sa mga estate ng ilang miyembro ng Medi-Cal na namatay na. Ang pagbabalik ng bayad ay limitado sa mga ginawang bayad, kasama ang mga premium ng pinamamahalaang pag-aalaga, para sa mga serbisyo ng pasilidad ng nursing, mga serbisyo batay sa tahanan at komunidad, at kaugnay na serbisyo sa ospital at de-resetang gamot kapag ang benepisyaryo ay:

- Isang inpatient sa isang pasilidad ng nursing, o
- Nakatanggap ng mga serbisyong batay sa komunidad sa o makalipas sa kanyang ika-55 kaarawan

Kung ang namatay na miyembro ay hindi iniwan ang estate na sasailalim sa probate o walang pag-aari kapag namatay sila, walang utang.

Para matuto pa, pumunta sa
<http://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa
1-916-650-0590

Medi-Cal Panloloko

Mga responsibilidad ng benepisyaryo

Ang benepisyaryo ay dapat laging magpakita ng katibayan ng Medi-Cal na pagsakop sa mga tagapaglaan bago makakuha ng mga serbisyo. Kung nakakakuha ka ng paggamot mula sa mahigit sa isang doktor o dentista, dapat mong sabihin sa bawat doktor o dentista ang tungkol sa ibang doktor o dentista na nagbibigay ng pag-aalaga sa iyo.

Responsibilidad mo na hindi abusuhin o maling gamitin ang iyong mga Medi-Cal na benepisyaryo.

Krimen na:

- Ipagamit sa mga ibang tao ang iyong mga benepisyong Medi-Cal
- Kumuha ng gamot sa pamamagitan ng maling mga pahayag sa tagapaglaan
- Magtinda o ipahiram ang iyong BIC sa kaninomaning tao o ibigay ang iyong BIC kaninoman maliban sa mga tagapaglaan mo ng serbisyo ayon sa inaatas sa ilalim ng mga gabay ng Medi-Cal

Ang maling paggamit ng BIC/Medi-Cal na benepisyaryo ay krimen. Maaari itong magresulta sa mga negatibong pagkilos sa kaso mo o kriminal na prosekusyon. Kung pinaghihinalaan mo ang Medi-Cal ng panloloko, pagsasayang o pang-aabuso, gumawa ng kumpidensiyal na ulat sa pagtawag sa **1-800-822-6222**.

Pederal na Inaat sa Abiso na Nagpapabatid sa Mga Indibiduwal Tungkol sa Mga Inaat sa Walang Diskriminasyon at Pag-access

Sumusunod ang DHCS sa angkop na pederal at pang-estadong batas sa karapatang sibil. Ang DHCS ay hindi labag sa batas na nagdidiskrimina sa batayan ng sex, lahi, kulay, relihiyon, pagkaninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, kundisyong medikal, henetikong impormasyon, kalagayan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang kasarian o sekswal na oryentasyon. Ang DHCS ay hindi labag sa batas na hindi isinasama ang mga tao o iba ang pagtrato sa kanila dahil sa sex, lahi, kulay, relihiyon, pagkaninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, kundisyong medikal, henetikong impormasyon, kalagayan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang kasarian o sekswal na oryentasyon. DHCS:

- Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para mabisang makipagkomunika sa DHCS, tulad ng:
 - Mga kuwalipikadong tagapagsalin ng sign language
 - Nakasulat na impormasyon sa mga ibang anyo tulad ng malaking print, audio, maa-access na mga electronic format at ibang mga format
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyo ng wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - Mga kuwalipikadong tagapagsaling-wika
 - Impormasyong nakasulat sa mga ibang wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, tumawag sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa **1-916-440-7370, (Ext. 711, California State Relay)** o mag-email sa [**CivilRights@dhcs.ca.gov**](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

Kung naniniwala ka na nabigo ang DHCS na ibigay ang mga serbisyong ito o ikaw ay nadiskrimina sa anumang paraan sa batayan ng sex, lahi, kulay, relihiyon, pagkaninuno, pambansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng etnikong pangkat, edad, kapansanan ng pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, kasarian, pagkakakilanlang kasarian o seksuwal na oryentasyon, maaari kang magsampa ng hinaing sa:

Office of Civil Rights

PO Box 997413, MS 0009

Sacramento, CA 95899-7413

1-916-440-7370, (Ext. 711, CA State Relay)

Email: CivilRights@dhcs.ca.gov

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsampa ng karaingan, nariyan ang Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil para tulungan ka. Ang mga form sa pagrereklamo ay makukuha sa:

http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx

Kung naniniwala kang ikaw ay nadiskriminahan sa batayan ng lahi, kulay, pambansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari mo ring isampa ang panlipunang karapatang reklamo sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng U.S. (U.S. Department of Health and Human Services). Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil. Maaari kang elektronikong mag-file sa pamamagitan ng Portal sa Pagrereklamo ng Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa [**https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf**](https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf) o maaari kang mag-file sa pamamagitan ng mail o telepono sa:

Mga Mahalagang Dulugan



ONLINE

Pangunahing Medi-Cal Site:
<http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>

Kunin ang myMedi-Cal smartphone app para tulungan ka matuto pa tungkol sa pagsakop, maghanap ng lokal na tulong, at marami pa!



Mga Numero ng Telepono

Medi-Cal Members & Providers:
1-800-541-5555

Medi-Cal Managed Care:
1-800-430-4263
(TTY 1-800-430-7077)

Office of the Ombudsman:
1-888-452-8609

State Fair Hearing:
1-800-743-8525
(TTY 1-800-952-8349)

Covered California:
1-800-300-1533

Medi-Cal Dental Program:
1-800-322-6384

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
1-800-368-1019, TTY 1-800-537-7697

Maaari kang makakuha ng form ng pagreklamo sa:

<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>

Ang dokumentong ito ay nakatutugon sa Seksiyon 508 ng mga pamantayan sa pagiging maa-access. Ang publikasyong ito ay maaari ring makuha sa Braille, malaking print, at mga ibang elektronikong format bilang tugon sa makatwirang akomodasyong hiling na ginawa ng kuwalipikadong indibiduwal na may kapansanan. Para humingi ng kopya ng publikasyong ito sa ibang anyo, tumawag sa Medi-Cal Eligibility Division sa **1-916-552-9200 (TTY 1-800-735-2929)** o mag-email sa MCED@dhcs.ca.gov.

Tulong sa Wika

Attention: If you speak English, you can call 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) for free help in your language. Call your local county office for eligibility issues or questions. (English)

تنبيه: إذا كنت تتحدث العربية، فيمكنك الاتصال برقم 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) للمساعدة المجانية بلغتك. اتصل بمكتب المقاطعة المحلي للمشكلات أو الأسئلة المتعلقة بالتأهل. (Arabic)

Ուշադրություն: Եթե Դուք հայերեն եք խոսում, կարող եք զանգահարել 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) և անվճար օգնություն ստանալ Ձեր լեզվով: Իրավասության հետ կապված խնդիրների կամ հարցերի դեպքում զանգահարեք Ձեր շրջանային գրասենյակ: (Armenian)

សម្គាល់៖ ប្រសិនបើអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ អ្នកអាចទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) សម្រាប់ជំនួយ ដោយឥតគិតថ្លៃជាភាសាបស្ចឹម។ ទូរស័ព្ទទៅកាន់ការិយាល័យខោន ឆ្នើមមូលដ្ឋានរបស់អ្នកសម្រាប់ព្យាបាលកងឆ្លងស្ថិតិទូលបានសេវា ឬក្នុងករណីមានសំណួរណាមួយ។ (Cambodian)

注意：如果您使用中文，請撥打1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) 免費獲得以您所用語言提供的協助。關於資格的爭議或問題請致電您所在縣的辦事處。(Chinese)

توجه: اگر به زبان فارسی صحبت می کنید، می توانید برای دریافت کمک رایگان به زبان خود با شماره 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) تماس بگیرید. برای مسائل مربوط به صلاحیت یا سوالات، با دفتر محلی شهرستان خود تماس بگیرید. (Farsi)

ध्यान दें: यदि आप हिंदी भाषी हैं, तो आप अपनी भाषा में निःशुल्क सहायता के लिए 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) पर कॉल कर सकते हैं। योग्यता संबंधी समस्याओं या प्रश्नों के लिए अपने स्थानीय काउंटी कार्यालय को कॉल करें। (Hindi)

Lus Ceeb Toom: Yog tias koj hais lus Hmoob, koj tuaj yeem hu rau tus xov tooj 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) kom tau kev pab koj dawb ua koj hom lus. Hu rau lub chaw lis dej num hauv koj lub nroog txog cov teeb meem kev tsim nyog tau txais kev pab los yog cov lus nug. (Hmong)

注意：ご希望により、1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) へお電話いただければ日本語で対応いたします。有資格問題または質問などは、地域の代理店までお電話ください。(Japanese)

주의: 한국어를 말하면, 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) 번으로 무료로 도움을 받으실 수 있습니다. 적격 문제 또는 질문은 해당 지역 카운티 사무소에 문의하십시오. (Korean)

ເຊີນຊາບ: ຖ້າທ່ານເວົ້າພາສາລາວ, ທ່ານສາມາດໂທຫາເບີ 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) ເພື່ອຂໍຊ່ວຍເຫຼືອຟຣີໃນພາສາຂອງທ່ານ. ໂທຫາຫ້ອງການເຂດໃນທ້ອງຖິ່ນຂອງທ່ານເພື່ອສອບຖາມກ່ຽວກັບເງື່ອນໄຂໃນການມີສິດໄດ້ຮັບ ຫຼື ມີຄຳຖາມອື່ນໆ. (Laotian)

Waac-mbungh: Se gorngv meih gongv mien waac nor, maaiv zuqc cuotv nyaanh gunv korh waac mingh taux 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) yiem wuov maaih mienh tengx faan waac bun meih hiuv duv. Gunv korh waac taux meih nyei kaau dih nyei mienh, Se gorngv meih oix hiuv taux, meih maaih fai maaiv maaih ndaam-dorng leiz puix duqv ziqv nyei buanc. (Mien)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇਕਰ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਤੁਸੀਂ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮੁਫਤ ਸਹਾਇਤਾ ਪਾਉਣ ਲਈ 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰ ਸਕਦੇ ਹੋ। ਪਾਤਰਤਾ ਸੰਬੰਧੀ ਵਿਵਾਦਾਂ ਜਾਂ ਸਵਾਲਾਂ ਦੇ ਲਈ ਆਪਣੇ ਸਥਾਨਕ ਕਾਉਂਟੀ ਦਫਤਰ ਨੂੰ ਕਾਲ ਕਰੋ। (Punjabi)

Внимание: Если Вы говорите по-русски, Вы можете позвонить по номеру 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077), чтобы получить бесплатную помощь на Вашем языке. Позвоните в Ваш местный окружной офис по вопросам или проблемам, связанным с соответствием требованиям. (Russian)

Atención: Si usted habla español puede llamar al 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) para obtener ayuda gratuita en su idioma. Llame a la oficina local de su condado si tiene algún problema o alguna pregunta sobre elegibilidad. (Spanish)

Atensiyon: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang tumawag sa 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) para sa libreng tulong sa wika mo. Tawagan ang lokal mong tanggapan sa county para sa mga isyu sa pagiging narapat o mga tanong. (Tagalog)

โปรดทราบ: หากท่านพูดภาษาไทย ท่านสามารถโทรศัพท์ไปที่เบอร์ 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) เพื่อรับความช่วยเหลือในภาษาของท่านโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย กรุณาโทรศัพท์หาสำนักงานประจำท้องถิ่นของท่านเพื่อสอบถามเกี่ยวกับสิทธิของท่าน (Thai)

Увага: Якщо ви розмовляєте українською, ви можете зателефонувати за номером 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077), щоб отримати безкоштовну допомогу Вашою мовою. З питань стосовно права на пільги та іншої інформації, телефонуйте до вашого місцевого окружного офісу. (Ukrainian)

Lưu ý: Nếu quý vị nói tiếng Việt, quý vị có thể gọi 1-800-541-5555 (TDD 1-800-430-7077) để được trợ giúp miễn phí bằng ngôn ngữ của mình. Hãy gọi văn phòng quận địa phương của quý vị nếu có các vấn đề hoặc thắc mắc về tính đủ điều kiện. (Vietnamese)

California Department of
Health Care Services
1501 Capitol Avenue
Sacramento, CA 95814

PUB 68 | Gawa ng DHCS
Office of Communications



PUB 68 TAG (0219) | myMedi-Cal
Department of Health Care Services
dhcs.ca.gov